

# Wikang Tagalog at Wikang Sebuwano: Morpo-Analisis na Pag-aaral

(Tagalog and Cebuano-Visayan Languages: A Morpho-analysis study)

Lita A. Bacalla (DA, PhD)

Cebu Normal University-Osmena Boulevard Cebu City, Philippines  
lolita\_bacalla@yahoo.com.ph

Asia Pacific Journal of  
Multidisciplinary Research

Vol. 8 No.4, 65-75

November 2020

P-ISSN 2350-7756

E-ISSN 2350-8442

www.apjmr.com

ASEAN Citation Index

Date Received: May 28, 2020; Date Revised: October 9, 2020

**Abstract** – This study is a comparative analysis of the Tagalog and Cebuano-Visayan languages. Specifically, it deals with the following variables: 1) the similarities and differences of the morphemes used in the two languages; 2) the formation of words of the two languages in accordance with the different forms of morpheme; 3) the affixes attached to the root words. Descriptive-Qualitative method is used in the study. The study has shown the following findings: the Tagalog and Cebuano-Visayan languages are almost identical in regard to the morpheme used, the rules on affixing the affixes to the root word are similar, the two languages are similar with respect to classifying morphemes and the root words, the Cebuano-Visayan language contracts words more often than the Tagalog language, and there are Cebuano-Visayan and Tagalog words with the same meaning but with different phonemes.

**Keywords:** morpheme, morpho-analysis, language

**Abstrak** Ang layunin ng pag-aaral na ito ay masuri sa wikang Tagalog at wikang Sebuwano. Matukoy ang pagkakatulad at pagkakaiba ng morpemang ginagamit sa dalawang wika. Paano nabuo ang mga salita sa dalawang wika batay sa iba't ibang uri ng morpema? Paano naiuugnay ang paglalapi mula sa morpemang salitang ugat at uri ng morpema. Deskriptibo-kwalitatib ang pamamaraang ginagamit sa pagsusuri ng dalawang wika. Natuklasan sa pag-aaral na magkahawig ang Wikang Tagalog at Wikang Sebuwano sa mga morpemang ginagamit. Halos magkakatulad ang tuntunin sa pagkabit mga panlapi sa salitang ugat. May bahaging nagkakaiba ang dalawang wika sa termino na ginagamit. May mga salitang Sebuwano Binisaya at Tagalog ay magkatulad ang kanilang kahulugan ngunit nagkakaiba ang kanilang ponema. Ang wikang Tagalog ay gumagamit ng unlapi, gitlapi at hulapi samantala ang wikang Sebuwano ay unlapi at hulapi ang paraan ng paglalapi. Madalas magkaltas ang wikang Sebuwano kaysa wikang Tagalog. Nagkakaiba ang paraan ng pagkabit at paglalapi sa morpemang makadiwa o makalihuk. Ang panlaping [-a] na hulapi ay sa wikang Sugbuanun'g Binisaya ay ginagamit sa tatlong morpemang makangalan, makauri, at makadiwa at ang panlaping ito ay wala sa wikang Tagalog.

**Susing salita:** morpema, morpo-analisis, wika

## INTRODUKSYON

Katangian ng wika ay natatangi. Walang dalawang wika na magkatulad na magkatulad sa isa't isa. Ang wika ay may kaniya- kaniyang kakanyahan. May sariling sistema. Mahalagang may malawak na pag-uunawa ang tao usaping pangwika. Maraming mga maling konsepto sa wika at sa taong nagsasalita nito na siyang tugunan ng pag-aaral. [1] walang wika na mababa at mataas. Sa kanyang konsepto sa baryabilidad ay may natural na penomenong nagkakaiba-iba ng anyo at pagkakaroon ng iba't ibang varayti ng wika. Pinagtuonan ng pag-aaral ang dalawang wikang Tagalog at wikang Sebuwano. Ang Wikang Tagalog ayon sa kasaysayan ay dating Wikang Pambansa kaya dahil sa mga lingguwista ay naging

maayos ang mga tuntunin at otograpiya nito. Ito ay nagsisilbing gabay sa pagbuo ng ibang wika na umiiral sa bansa. Dati naging superyor na wika ang pagtingin ng mga di Tagalog ispiker sa mga Tagalog native ispiker. Dahil sa katangian ng wika ay dinamiko at arbitraryo ay may saligang batas na nagpapatupad na ang Wikang pambansa at tawagin Filipino nangangahulugan na hindi lang Tagalog kundi kasama na ang mga wika na umiiral sa bansang Pilipinas. Hindi maiiwasan na nakabatay ang paraan sa Wikang Tagalog kung paano ang pagkakabubuo ng mga salita at morpema. Nagsilbing batayan sa pag-aaral ang kanilang konsepto tungkol sa wika. Samantala nag wikang Sebuwano ay isa sa mga pangunahing wika sa Pilipinas. Ang wikang ito ay mula sa Indonesia

subgroup na galing sa Austronesian na pamilya ng mga wika na dating tinatawag na Malayo-Polynesian na isa sa pinakamalalaking grupo ng mga wika sa mundo.

Ang pagbubuo ng mga salita sa wikang Sebuwano sa pamamagitan ng mga paglalapi gamit ang iba't ibang panlapi [2]. Maraming nagsasagawa ng paglalapi gaya ng pag-aaral [3] ay malaking kaugnayan sa isasagawang pag-aaral dahil ito ay tungkol sa panlapi ginagamit sa kanilang lugar. Katutubong wika tulad ng Itawit at Maranao na kailangan pagyamanin at pagyabungin bilang ambag ng pag-aaral sa wika ng Pilipinas. Hindi man gaano ka tanyag ang wikaing ito ngunit may mga taong gumagamit nito na kailangan igalang at unawain ang wika nila. Sa mga iskolar ng wika mahalaga na kilalanin ang mga wika sa iba't ibang sulok ng bansa upang makapagsagawa ng hambingan pag-aaral sa wika. Gaya ng Wikang Sebuwano ay may kakaibang paraan din sa pagkakabit ng mga panlapi sa mga salita at mas mayaman din sa mga panlapi. May pag-aaral din isinagawa sa KWF tungkol sa paglalapi ng Wikang Pampango sa pangngalan at pang-uri isiniwalat sa pag-aaral na gumamit ng unlapi, gitlapi, hulapi at kabilaan. Ito may pagbabago ng salita tulad ng asimilasyong ganap, pagkakaltas at may glottal stop deletion din sila.

Sa isinagawang pag-aaral [5] tinatakay niya na ang varayti ay maaaring batay sa lokasyon tulad ng mga rehiyonal na varayti. Natuklasan niya sa morpolohiya ng Taguig na ang paglalapi ay naituturing itong mga aglutineytib. Nangangaluhugan na paglalagay ng panlapi ng salitang ugat upang makabuo ng mga bagong salita at bagong kahulugan ito ay may hawig sa isinasagawang pag-aaral.

Isa sa mga pag-aaral sa paglalapi [6] na maraming gamit ang mga panlapi sa loob ng pangungusap at may masistemang aspekto sa wikang Bisaya'. Inilalarawan nito ang batayang gramatikal na elemento ng Sebuwano. Samantala ang pag-aaral na ito ay pahambing na sumuri sa dalawang wika sa paraan ng paglalapi.

[7] Mahalaga ang pagsusuri sa morpolohiya lalo sa mga panlapi at salitang ugat. Tulad sa wikang Filipino dapat isaalang-alang ang tamang pagbubuo ng mga salita tulad ng paggamit ng mga panlapi.

May mga pag-aaralan na rin ng paghahambing ng leksikon ng Sebuwano at wikang Tagalog sa pag-aaral [8] may pagkakatulad ang mga leksikon ng dalawang salita ngunit nagkaiba ito batay sa heograpikong at sosyolinggwistikong dimensyon na may kaugnayan sa wika.

Ang mga binanggit na pag-aaral ay may kinalaman sa kasalukuyang pag-aaral sa pagsuri ng uri ng morpema at halimbawa nito. Tinukoy ang pagkakatulad at pagkakaiba ng morpemang ginagamit. Bunga nito, nilalayon ng pag-aaral na matulungan ang mga Cebuano at Tagalog na maipabatid ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga panlapi sa Wikang Tagalog at Wikang Sebuwano.

## LAYUNIN NG PAG-AARAL

Pangkalahatang layunin ng pag-aaral ay pahambing na masuri ang paglalapi ng wikang Tagalog at wikang Sebuwano. Masuri ang Wikang Tagalog at Wikang Sebuwano batay sa morpemang ginagamit; Matukoy ang pagkakatulad at pagkakaiba morpema ng salitang ugat; at masuri ang pagkakatulad at pagkakaiba sa paglalapi at pagkakabit ng mga panlapi sa morpema.

## KONSEPTWAL NA BATAYAN

Ginawang batayan ang pananaw ni Saussure [9] sa kanyang estruktural na lapit sa paglalapi na nagsasangkot ng pagkolekta ng mga korpus ng pagsasalita at pagkatapos ay ikategorya ang lahat ng mga elemento ng korpus sa kanilang iba't ibang antas ng wika batay sa ponema, morpema, at leksikal na kategorya. Ang pangunahing prinsipyo nito ay pagtukoy sa mga tiyak na gampanin at posisyon ng bawat salita sa isang sintaks na hindi na nilulusong pa ang semantika ng pangungusap. Nakapokus ito sa deskriptibong pag-uuri-uri ng mga salitang nakapaloob sa isang pahayag batay sa anyo ng mga ito at hindi batay sa kahulugan.

Pinaniwalaan ng mga estrukturalista na ang kahulugan ay mapapalitaw kapag tinitingnan ang estruktura ng wika. Mahalaga ang estruktura o anyo ng wika sa pagsusuri at pagbibigay ng kahulugan. May mga iskolar na nagsagawa ng pag-aaral [10] ang pagsusuri sa estruktura ay mabibigyan ng higit na kaliwanagan sa wika. Pagsusuri sa salitang ugat at morpema at angkop na panlapi na ginagamit.

## METODOLOHIYA NG PAG-AARAL

Deskriptibo-kwalitatib ang pamamaraang ginamit sa pagsuri at pag-analisa ng dalawang wika. Kinakategorya ang mga salita batay sa mga morpema at sa uri ng paglalapi. Sa pagsusuri o pag-aanalisa, ang mga datos ay nilapatan ng pagsusuring estruktural upang maipakita ang paraan ng paglalapi ng dalawang wika ang wikang Tagalog at wikang Sebuwano.

## RESULTA AT PAGTALAKAY

Ang morpolohiya ay isang pag-aaral o pagsusuri sa mga morpema ng isang wika at pagsasama-sama nito upang makabuo ng isang salita. Ang morpema ay pinakamaliit na yunit ng salita na nagtataglay ng kahulugan. Ang salitang-ugat (gamutpulong) ay mga salitang nagtataglay ng kahulugan kahit hindi nilalapan. Ang katumbas naman sa salitang-ugat sa pinulungang Binisaya ay pulung lintunganay o gamutpulong.

Makikita sa ibaba ang mga halimbawa ng salitang-ugat o gamutpulong mula sa wikang Tagalog at ang katumbas na salita sa Sebuwano. Ang salitang nasa kaliwang hanay ay mga halimbawa sa salitang-ugat sa Wikang Tagalog. Sa kanang hanay naman ay mga salitang-ugat o gamutpulong sa Sebuwano.

Dapat tandaan na ang wika ay hindi lamang puro tunog at pagbigkas. Mayroon din itong regulasyon sa palabigkasan, gramatika at semantika. Nasusunod ang mga ito sa pang-araw-araw na pakikisalamuha at pakikipagtalastasan ng tao sa kanyang komunidad [11].

Isinasaad dito na ang wika ay hindi lamang nakatuon sa pagbigkas sapagkat ang bawat wika ay maaaring mahalaw sa pakikipaghalubilo sa bawat isa o di-kaya'y sa pook na kinatayuan kung saan puspusng naisakatuparan dito ang ebolusyon at pagkakaiba ng wika tulad ng wikang Tagalog at wikang Sebuwano

Ang unang talahanayan morpemang ng salitang-ugat.

### Talahanayan 1. Morpemang Salitang-Ugat

Wikang Tagalog	Wikang Sinugbuanon'g Binisaya
bigat	bug-at
hilamos	hila-m-us
kanin	kan-on
kawit	kaw-it
kaysa	kay-sa
lagok	lag-ok
luya	luy-a
pangos	pang-os
pasan	pas-an
puson	pus-on
sabit	sab-it
sipon	sip-on
tabang	tab-ang
Tamis	tam-is
Tanaw	tan-aw
Tikom	tak-om

Makikita sa talahanayan 1.1 ay ang magkatulad na salitang ugat ngunit nagbago sa wikang Sinugbuanon'g Binisaya dahil mayroon itong gitling. May mga

salitang magkapareho ang baybay at kahulugan ang Wikang Tagalog at Wikang Sinugbuanon'g Binisaya ngunit ang mga salitang ito magkaiba sa pagbigkas dahil ang salitang Sinugbuanon'g Binisaya ay nagkakaroon ng impit na tunog sa pagitan ng patinig at katinig. Halimbawa ang mga salitang nasa itaas tulad ng salitang bago ay naging **bag-o**. Ang salitang tagalog ay bago na nangangahulugan bago ay walang gitling samantala ang Sinugbuanong Binisaya ay may gitling ngunit magkatutulad na magkatulad ang kahulugan. Luya ay naging **luy-a** sa Sebuwano ganoon din ang padron sa mga salitang makikita sa talahanayan. Malumanay ang pagbigkas ng mga salitang Tagalog at samantala ang wikang Sebuwano ay matigas ang paraan ng pagbigkas. Ang tuntunin ng wikang Sebuwano ay gumamit ng giyon o gitling sa paghihiwalay ng patinig o patingog at katinig o katingog at nabago ang pagbigkas. Nangangahulugan na kahit pareho ang kahulugan ng salitang ugat ay magkaiba ito sa paraan ng pagbigkas ayon sa heograpikong dahilan sa bawat lugar. Ayon kay Wardhaugh (2010), ang iba't ibang wika ay umiiral dahil sa paggamit ng isang wika na kung saan ay naiiba sa loob ng isang komunidad. Mainam na gumamit ng wikang nagkakaintindihan ang mga taong bahagi ng komunikasyon. Hindi maiiwasan ang pagkakaiba ng wika sa kabila ng pagkakarapareho ng lalawigan dahil sa ito ay dala ng pagkakaiba-iba ng kinalalagyan ng mga lugar na kinamulatan ng mga tao. Sa pag-aanalisa ng wika isa sa naging batayan ang heograpikal na aspekto dahil hindi maiiwasan na kahit pareho ang wika ng sinasalita ay may pagkakaiba sa paraan na paggamit depende kung ano ang kaugalian at kinamulatang pagkagamit nito sa lipunan.

### Talahanayan 1.2. Morpemang Salitang-ugat

Wikang Tagalog	Wikang Sinugbuanon'g Binisaya
Bahay	bay
bubuyog	buyog
bulaklak	bulak
butiki	tiki
daan	dan
dalaga	daga
kanila	ila
kaniya	iya
lamang	lang
mababaw	babaw
mababaw	mabaw
malayo	layo
mataas	taas
salamin	Sami
salapi	sapi
Ulo	u'

Sa talahanayan sa itaas ay makikita ang mga salitang magkatulad ang kahulugan ngunit may pagkakaltas na nangyayari. Ang wikang Tagalog ay pormal ang mga salita samantala ang Wikang Sinugbuanong Binisaya ay nagkakaltas. Halimbawa ang salitang butiki ay naging tiki, bubuyog ay buyog, lamang ay lang, mababaw ay mabaw mataas ay taas, malayo ay layo, dalaga ay daga, kanila ay ila, kaniya ay iya. Ang salitang ito ay may pagkakaltas na nangyayari sa unahan pantig. Ang kasunod na mga salitang may pagkakaltas ang salitang bulaklak ay naging bulak, daan ay dan, salapi ay sapi, salamin ay samin, bahay ay bay, dalaga ay daga. Kung pagtuunang pansin ang mga salita ito ay may pagkakaltas sa gitnang patinig mula wikang Tagalog. At ang ilang salitang tulad ulo ay naging u' na kung saan kinaltas ang hulihang pantig ng salita. Ang wikang Sebuwano ay di-pormal at kolokyal ang mga salita kaya madalas mapagkamalang walang mudo o walang galang bukod sa hindi pagsasalita ng opo at po ang mga salita din nila ay kinakaltasan samantala ang Wikang Tagalog ay ang mga salitang pormal kung pagbabatayan. Isa din sa mga kultura ng mga Sebuwano ay ay magpakatamad kung magsalita at palaging nagmamadali at laging tapusin agad ang pagsasalita. Bunga nito ay nagkakaroon ng mga maling persepsyon ng iba sa tao dahil sa paggamit ng wika at salita sa pakikipagtalastasan ngunit nagkakaunawaan dahil may pagkakatulad at may konting pagkakaiba.

May mga salitang sa wikang Tagalog at wikang Sebuwano ay magkakatulad ng kahulugan ngunit may pagkakaiba tulad ng mga ponema, may pagkakaltas at pagpapantig.

### **Morpemang Makangalan**

Ang sinusuri ay batay sa morpema at ang kahulugan nito kung paano ginagamit. Ang panlapi ay mga kataga na walang saysay o kahulugan kapag hindi ikinakabit sa salitang-ugat ngunit kapag ikinakabit na ito ay makapagbago rin ng kahulugan sa mga salitang-ugat na maaring mauuri sa morpemang makangalan (makangan), makauri (makapungway) at makadiwa (makapunglihuk). Ang Sinugbuanong Binisaya ay may panlapi din na tinatawag na linanggikitan. Ang unlapi ay tinatawag itong unanggikit. Ang gitlapi naman ay tinatawag na tunganggikit at ang hulapi naman ay tinatawag itong pangulhinggikit. Pungngan ang tawag ng pangngalan sa pinulungan Binisaya.

Ang wikang Itawit ay gumagamit ng iba't ibang panlapi sa pagbuo ng salita na katulad ng ibang wika sa mundo [12]. Bawat panlapi ay may kahulugan at kapag

ito ay ikinakabit sa salitang ugat, isang bagong salita ang nabubuo at ang pagkakaroon ng kaalaman ng panlaping wikang Itawit a y nakakatulong sa pagkatuto ng wika na maaaring gamitin sa komunikasyon. Tulad sa Wikang Tagalog at Sebuwano may pagkakatulad ng pagkakabit ng panlapi at ang pagkakabuo ng salita na may bagong kahulugan.

Malilirip sa talahanayan ang mga morpema at kahulugan at mga halimbawa ng makangalan o makangan. Ipinapakita sa talahanayan 2 (Apendiks) ang paghahanay ng mga salita nasa morpemang makangalan o makangan.

### **Morpemang Makauri**

Ang morpemang Makauri ay ang mga panlaping ikinakabit sa salitang-ugat upang makabuo ng mga pang-uri. Ang tawag sa pang-uri sa Sinugbuanong Binisaya ay makapungway galing sa salitang pulong na naghulagway na ang ibig sabihin salitang naglalarawan. Binibigyang tuon sa talahanayan 3 (Apendiks) ang mga halimbawa ng mga morpemang makauri.

Kapansin-pansin sa talahanayan na ang Wikang Tagalog (WT) ay may panlaping ma, mala, pala, ma-in-hin at sa Wikang Sebuwano (WS) naman ay may ka, on, hon, pala, ma-in-on. Walang panglaping ma na nag-iisa sa WSB hindi tulad sa WT may panlapi ma ang WSB ngunit may katimbang ito ng mga panlaping in, on, at hon. Sa panlaping ka(unlapi) naman sa WSB ngunit wala naman sa WT. Tumpak ang panlaping pala ay parehong-pareho talaga sa baybay at sa kahulugan kapag ito ay ikinakabit sa mga salitang ugat na nangangahulugan paulit-ulit na ginagawa. Ang dalawang wika ay may panlapi din na in ngunit magkaiba ito sa posisyon sa pagkabit. Sa talahanayan ipinapakita nito na ang in sa WT ay nasa hulihan o ginagamit bilang hulapi samantala sa SWB ay kinakabit bilang gitlapi ngunit ang pagsasamasama ng mga panlapi ito ay magkatulad na magkatulad ang kahulugan.

Sa kabuoan ang mga panlapi na ginagamit sa dalawang wika ay magkatulad na magkatulad ang tuntunin at ang pagkabuo sa morpoemang makauri.

### **Morpemang Makadiwa(makalihuk)**

Ang Morpemang Makadiwa ay ang mga panlapi ng ginagamit sa pagbuo ng mga pandiwa. Ang katumbas ng pandiwa sa binisaya ay punghuk na galing sa salitang pulong ug lihuk na nangangahulugan ng mga salitang nagsasaad ng kilos o aksyon. Sa tulong ng mga panlaping ito makakabuo ito ng mga salitang nag-aanyong pandiwa kapag kinakabitang ng mga

panlaping ito. Malilirip sa talahanayan 4 (Apendiks) ang mga halimbawang morpemang makadiwa.

Sa Wikang Tagalog may mga panlapin /i/, /um/, /ma/, /mag/ /ka-an/, /han//isa//maka//magsi//mag//an-han//papag//in-hin/.

Sa Wikang Sinugbuanong Binisaya naman ay may /i//ipa//gi//mi//mo//nag//mag//maka//maga//makig//pag//mag//in-ay/.

Walang panlaping um, hin, papag sa WT sa WS naman ay walang din gi, mo, nang, makig, mi at mag-. Malinaw na di-gaanong gumamit ng gitlapi ang wikang Sinugbuanon'g Binisaya. Maraming hindi magkakatulad na panlapi na ginagamit sa dalawang wika ngunit kung papansinin mabuti na may kanya-kanya itong gamit upang makabuo ng morpemang makadiwa. Ang panlaping tulad ng i- at ipa- ay magakakahawig ang gamit nito sa dalawang wika pati narin sa panlaping magka at maka. Ang mag at mo ay halos magkakatulad din sa tuntuni at anyo ng paggamit.

#### **Talahunyan 5. Pagkakatulad at Pagkakaiba ng wikang Tagalog at Wikang Sebuwano**

<b>Pagkakatulad ng WT at WS</b>	<b>Pagkakaiba</b>
-magkatulad ng paglalapi	-magkaiba sa pagkaltas ng ponema
-magkatulad ng kahulugan ng salitang ugat	-may mga panlaping wala sa Wikang Tagalog na nasa Wikang Sebuwano tulad ng panlaping [-a]
-Padron ng paglalapi ng morpemang makangalan, makauri at makadiwa	

Ipinakita sa talahanayan ang pangkalahatang pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawang wikang sinuri at inaalisa. Kapuwa magkatulad ang dalawang wika sa paraan ng paglalapi. Magkatulad ng kahulugan ng salitang ugat ngunit ang wikang Sebuwano ay ginamit ang gitling sa paghiwalay ng pantig kaya kung bibigkasain masyadong matigas ito sa Wikang Tagalog. Magkahawig ang paraan o padron ng paglalapi sa tatlong morpema ang morpemang makangalan, makauri at makadiwa. Samantala ay magkakaiba ito sa paraan ng pagkaltas ng mga ponema sa salita. Madalas magkaltas ang wikang Tagalog sa hulihang bahagi ng ponema samantala ang wikang Sebuwano ay magkaltas na ponema ay sa unahan, sa gitna at hulihang bahagi sumasalamin ito sa kultura ng mga Sebuwano na mabilis magsalita at gumamit ng mga kolokyal na salita samantala ang Wikang Tagalog ay pormal ang salitang ginagamit sa pakikipag-usap

minsan lamang ito magkakaltas. Mas maraming panlapi ang Wikang Sebuwano kaysa Wikang Tagalog halimbawa ang panlaping [-a] na ikinakabit sa tatlong morpema. Malinaw ang sinasaad [13] ang sosyolinggwistik ay isang pagpapakita sa makabuluhang ugnayan sa pagitan ng panlipunang estruktura ng wika na makikita sa anumang mga pagbabago na nagaganap. Sa ganitong pamaraan isinaalang-alang sa pagsusuri ang ugnayan ng estruktura ng bawat wika sa panlipunang estruktura. Ang mga salita o wikang ginagamit ng mga tao sa bawat lugar ay nakabatay kung paano nila bigyan ng pagpapakahulugan ang mga ito ayon sa napagkasunduan ng kanilang pangkat na kinabibilangan. Katulad sa natuklasan sa ibang wikang sinuri na [14] ang wikang Mandaya ay nagkaroon ng varyasyong morpolohikal dahil sa paktor na heograpikal, sikolohikal at sosyolohikal na nagaganap.

#### **NATUKLASAN**

Batay sa ginagawang pagsusuri natuklasan na magkakahawig ang Wikang Tagalog at Wikang Sinugbuanong Binisaya sa mga morpemang ginagamit. Halos magkakatulad ang tuntunin sa pagkabit ng panlapi sa salitang ugat. May pagkakaiba ang dalawang wika sa termino na ginagamit. Ang morpemang makangalan at makauri ay maraming pagkakatulad samantala ang morpemang makadiwa ay magpapakaiba ng mga termino pati kung paano ito mabubuo at ang kahulugan. May mga panlapi na wala sa dalawang wika na kakaiba talaga.

1. Ang dalawang wika na Wikang Tagalog at Wikang Sinugbuanong Binisaya ay may mga makahawig na mga morpema ng salitang ugat na pareho ang kahulugan.
  - 1.1 Ang wikang Tagalog ay pormal ang mga salita at mahinahon kung magsalita samantala ang wikang Sinugbuanong Binisaya ay madalas magkaltas dahil sa kultura nitong maypakatamad kung magsalita at palaging nagamamadali at gusto agad tapusin ang pagsasalita.
  - 1.2 Ang wikang tagalog ay malumay ang mga salita samantala ang wikang Sinugbuanong Binisaya nagkakaroon ng impit ng mga salita sa paggamit ng gitling o giyun.
2. Halos magkakatulad ang paraan ng paglalapi sa morpemang makangalan, nagkaiba ito sa terminong ginagamit, ngunit mas maraming panlapi ang Sinugbuanon'g Binisaya kaysa sa Wikang Tagalog.

3. Nagkakaiba ang paraan ng pagkakabit at paglalapi sa morpemang makadiwa o makalihuk. Maraming panlapi ang ginagamit, may panlaping wala ang Wikang Tagalog tulad ng [-a], [-i], [-hi],[ig],[gi-],[ul], [-hay], [ming-] ang panlaping [i-], [-hi],[ig],[gi-] ay ginagamit bilang panlaping unahan at hulihan sa Wikang SB, samantala sa Wikang Tagalog ay kadalasan sa unlapi, gitlapi, hulapi, at kabilaan at walang panlaping [-a]. Ang panlaping [-a] sa wikang Sebuwano ay ginagamit sa tatlong morpemang makangalan, makauri, at makadiwa at ang panlaping ito ay wala sa wikang Tagalog.

### KONGKLUSYON AND REKOMENDASYON

Ang wikang Sebuwano ay malapit na wika at magkahawig sa wikang Tagalog. Kapuwa ginamit ang mga panlapi sa dalawang wika kahit na ibang termino at magkahawig ang paraan ng paglalapi dahil may tiyak itong gampanin at posisyon ng bawat salita sa isang sintaks na hindi na nilulusong pa ang semantika ng pangungusap.

Batay sa mga resulta ng pagsusuri, nabuo ang sumusunod na rekomendasyon: Magkaroon pa ng ibayong pag-aaral ng ilang bahagi ng pananalita para sa istruktura ng Wika lalo na sa Wikang Sinugbuanong Binisaya. Magkaroon ng ibayong pag-aaral na may kinalaman sa Ponolohiya ng Sinugbuanong Binisaya at ihambing ito sa Wikang Tagalog; Sanayin ang mga mga estudyante na magkaroon ng hambingang pagsusuri ng mga wika sa bansa; Gamitin ang mga halimbawang salita sa pagtuturo ng MTB-MLE; at sanayin ng mga guro na nagtuturo sa MTB-MLE ang kanilang estudyante kung paano kilalanin ang panlapi sa gamit nito.

### LIMITASYON NG PAG-AARAL

Saklaw sa pag-aaral na ito ang malikom ng korpus ng mga salitang sa wikang Tagalog at Wikang Sebuwano. Pagtutuunan ng pansin sa pag-aaral ang paraan ng paglalapi sa morpemang makangalan, makauri at makadiwa sa pag-aanalisa ng dalawang wika.

### SANGGUNIAN

[1] Gumperz, J. J. (1971), *Language in Social Groups*. Stanford, CA: Stanford University Press.

- [2] Pesirla, A.O. (2012). *Ang Linggwistika sa Sugbu-anun'g Binisaya: The Linguistics of Cebuano Visayan*. Mandaluyong: Anvil.
- [3] Martelino, J. I. 2016. *A study of Affixes and Morphophonemic Changes in Nouns*. Maranao Manila, Philippines.
- [4] Martelino, Judith Isabel. 2016. *A study of Affixes and Morphophonemic Changes in Nouns*. Maranao. Manila, Philippines
- [5] Hicana, M.F. (2017). *Pasalitang Diskurso ng Tagalog Varayti sa Taguig 29 -2 :1-13 MALAY Journal*, <https://bit.ly/3k2IMBf>
- [6] Bergh, J.D. v.d.. (1958). *Analysis of The syntax and the system of Affixes in The Bisaya' Language from Cebu*. Surigao: Sacred Heart Missionaries.
- [7] Ramos, T. V. (1971). *Tagalog Structures*. Honolulu University of Hawaii Press. 330p.
- [8] Agosto, W. (2017) *Cultural Lexicon of Tagalog and Sinugbuanon: An Analysis MALAY Journal January 2019*, 1-19.
- [9] [9] Saussure, F. de. (1916). *Course in General Linguistics*. C. Bally at A. Sechehaye, mga ed. Isinalin ni W. Baskin. New York & Toronto: McGraw-Hill.
- [10] Schachter, P. at Otones, F. (1972). *Tagalog Reference Grammar*. University of California and Manila: University of California Press.
- [11] Lachica, V. S., Ph.D. 1994. *Komunikasyon at Linggwistika*. Metro Manila: Rex BookStore.
- [12] Oreiro, A. (2016). *A study of Affixes and Morphophonemic Changes in Itawit Noun and Adjectives*. Manila, Philippines.
- [13] Gumperz, J. J. (1971), *Language in Social Groups*. Stanford, CA: Stanford University Press. Online Journal
- [14] PASION, R.M. (2014) *Morpolohikal na Varyasyon Sawikang Mandaya ng Davao Oriental*. *Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences*, 1(5).

### COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMR. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).

APENDIKS

**Talahanayan 2. Morpemang Makangalan -Makangan**

Wikang Tagalog	Kahulugan	Wikang Sinugbuanon'g Binisaya	Kahulugan
<b>makangalan</b>		<b>makangan</b>	
-an	nangangahulugan ito ng pook na kinaroonan o ginagampanan o panahon	ka- an/anang	nangangahulugan ito ng pook na kinaroonan o ginagampanan
asinan usapan taguan pasukan aklatan bigasan palayan		kasabutan kasagingan kadaruhan kahumayan kakahuyan agian bakasyunanan tagboanan lusotanan uliananan bughaanan kantahanan palitanan abotanan sibyaanan	
ka-an	Nangana-hulugan ng abstrakto, pook	kaisipang ka-an	Nangangahulugan ng kaisipang abstrakto, pook
kapatiran kagandahan karagatan kaligayahan		kawanangan kahimayaan kalibutan	
tag-	nagsasaad ng panahon	ting-	Nagsasaad ng panahon
halimbawa: tagtuyot tag init taglamig taglagas tagsibol tag-araw tag-ulan		tingtugnaw ting uwan tingbagyo ting-init tinghuwaw ting-ani ting- itlog ting-anak	
taga-	Nagsasaad ng lahing pinagmulan o gawain	tag-/tig-	Nagsasaad pagmamay ari at nagsasaad ng lahing pinagmulan ng Gawain
tagaCavite tagaradyo taga-alok tagapanayam tagabigay		Halimbawa: tag-iya (may-ari) tagdumala(tagapamahala) tagtungod( tigkalus(taga-igib) tighatod(tagahatid) tighukad(tagasugkay)	
ka-	nangangahulugan itong relasyon	ka-, ka-an, ka- -han	Nangangahulugan itong relasyon
katid kabaro kapamilya kapuso kanayon kalaro kasama katuwang katulong kaagapay		Halimbawa kabanayan kapulongan kaigsoonan kaig -agawan kasilinganan kahigalaan kabaranggayan katigulangan kaparyentehan kaamiguhan kabaryuhan kaapuhan	
mag-+pag-uulit ng unang pantig ng salitang-ugat	nangngahulugan ng gawain o hanapbuhay	mag+ paguulit ng unang pantig	Nagsasaad ng gawain o hanapbuhay

Bacalla, *Wikang Tagalog at wikang Sebuwano: Morpo-analisis na pag-aaral*

magtataho magtatanim mag-aaral mag				magtutudlo(guro) magsusulat(writer) magtutuon magpupulong maghuhukom mag-uuma magdadaro magsisibya	
mang-+unang salita	nangangahulugan ng gawain o hanapbuhay			ma-+ pag uulit ng unang	Nangangahulugan ng gawain o hanapbuhay
taga- tagacavite tagaradyo taga-alok tagapanayam tagabigay	nagsasaad ng lahing pinagmulan o gawain			tag-/tig- halimbawa: tag-iya (may-ari) tagdumala(tagapamahala) tagtungod ( tigkalus(taga-igib) tighatod(tagahatid) tighukad(tagasugkay)	Nagsasaad pagmamay ari at nagsasaad ng lahing pinagmulan ng Gawain
ka	nangangahulugan itong relasyon			ka, ka-an, ka-han	Nangangahulugan itong relasyon
kapatid kabaro kapamilya kapuso kanayon kalaro kasama katuwang katulong kaagapay				halimbawa kabanayan kapulungan kaigsoonan kaig -agawan kasilinganan kahigalaan kabaranggayan katigulangan kaparyentehan kaamiguhan kabaryuhan kaapuhan	
mag-+pag-uulit ng unang pantig ng salitang-ugat	nangangahulugan ng gawain o hanapbuhay			mag+ paguulit ng unang pantig	Nagsasaad ng gawain o hanapbuhay
magtataho magtatanim mag-aaral mag				magt-utudlo(guro) magsusulat(writer) magtutuon magpupulong maghuhukom mag-uuma magdadaro magsisibya	
mang-+unang salita	nangangahulugan ng gawain o hanapbuhay			ma+ pag uulit ng unang	Nangangahulugan ng gawain o hanapbuhay
mang-aawit mangingisda manggagamot				manganganta mananagat mananambal mamamarang maniniyot manunudsud mananahi mananagna	
mapag- mapagtimpi mapagkumbaba mapaghiganti mapagbiro mapagbintang mapaghinala	nagsasasaad na may ugali			mapa- mapahitas on mapaubsanon mapailubon mapahiyumon mapanganduyon mapasagarun	Nagsasasaad na may ugali
				-a	ginagamit ang panlaping [a] pagbibigay diin sa pangalan
				tuig-taon tuiga bulak-bulaklak- bulaka baboy-baboy-baboya	



**Talahanayan 3. Morpemang Makauri-Makapungway**

Wikang Tagalog	Kahulugan	Wikang Sinugbuanon'g Binisaya	Kahulugan
makauri		Makapungway	
ma-	Nagsasaad ng pagkakaroon na isinasaad ng salitang-ugat o pagiging marami	ka-	Nagtataglay o naglalarawan sa nararamdaman
mayaman		Kaguol	
mabuti		kamingaw	
makisig		kahadluk	
mapuno		kapungot	
makitid		kalagot	
maganda		kakapoy	
mayabang		kagutom	
mahangin		kahasol	
malawak		kabalaka	
magulo		kakuyaw	
mataba		kalisang	
malapad		kahiubos	
masipag		kapuol	
magalang		kalipay	
matamis		kasakit	
mala-		-on/-hon	Ito ay nagsasaad ng pagkakaroon ng isinasaad ng salitang-ugat upang maipakita ang katangiang higit pa sa karaniwang dami, laki, tindi at iba pa.
malasibuyas		Humukon	
malapalasyo		gahion	
malarosas		hilason	
malakabayo		taason	
malaporcelana		gamayon	
		tambukon	
		niwangon	
		dauton	
		pution	
		itumon	
		gwapahon	
		hinayon	
pala-	Nagsasaad ito ng katangiang palagi o pauli- ulit ginagawa	pala-	Nagsasaad ito ng katangiang palagi o paulit-ulit ginagawa
palasulat		Palauyab	
palabiro		palahubog	
palangiti		palainom	
palaisip		palakaon	
palakain		palailis	
		palaaway	
ma-in –hin	Nangangahulugan ito ng pagtataglay ng mataas na antas ng isinasaad ng salitang ugat	ma- in- On	Nangangahulugan ito ng pagtataglay ngmataas na antas ng isinasaad ng salitang ugat Nangangahulugan ito ng positibong katangian ng tao
masasalin		matinabangon	
maramdamin		masinabtanon	
matulungin		matinud anon	
masunurin		mabinantayon	
maawain		matinahuron	
		mapinanggaon	
		-a	Ginagamit sa pagbibigay diin sa pang-uri
		bugnaw- malamig bugnawa	
		lami-masarap-lamia	
		daghan-marami-daghana	
		gamay-maliit-gamaya	
		dako-malaki-dakoa	

**Talahayan 4. Morpemang Makadiwa- Makapunglihuk**

<b>Makadiwa</b>	<b>Kahulugan</b>	<b>Makalihuk</b>	<b>Kahulugan</b>
i- Ibigay isulat ibasa ipasa ihawalay iguhit iinom	Nagsasaad ng paggamit ng isang bagay at nasa pokus kagamitan	i-/ipa- Ihatag itunol iilong ipahilayo ilabay ihilak ikatawa ipahilayo ipahilot ipakaon ipasimhot	Nagsasaad na gagawin pa ang kilos nagsasaad din ng paggamit ng isang bagay
um- tumakbo lumundag lumayas uminom lumiban umiyak umalis lumikha lumaya lumakad lumanggoy	Ang panlaping um ay maaaring unlapi o gitlapi ayon kung ano ang unang ponema ng salitang-ugat na nilalapan. Ito'y ginagamit sa pokus tagaganap ng kilos	gi- gilabay gitabunan gihatag gitaho gilabay gibatil gihaon giduso gihimo gibaligya gitanom	Nagsasaad na kasaluyang isinasagawa ang kilos na walang pag-aalinglangan
ma- Masulat malaro maluto maupo makain mauntog	Nagsasaad ng kakayahang gawin ang kilos na isinasaad ng salitang ugat at nagsasaad ng di-sinasadyang pagganap	mi- misuwat mikaon milabay milingkod mikaon milaba	Nagsaad na kasalukuyan ginagawa at nasa pokus tagaganap
mag- Magsulat maglaro mag-araro maghakot magbasa magsayaw	Ito'y laging inilagay sa unahan ng salitang-ugat. Ginagamit din sa pokus tagaganap at nagsasaad ng kilos. Ito'y likas na pandiwang palipat.	mo- mosuwat moduaw modaro mohakot mobasa mosayaw	Nagsasaad ng kilos na panghinaharap o akmang gagawin ang isang bagay o tagaganap ng kilos
ka-an/han Kasuya-an kabaliwan kabagutan kainisan kagalitan	May kahulugang gawin sa paksa ang kilos ng pandiwa	nag- nagwyaw naghilak naglaba nagbakho nagdagan naglakaw	Nagsasad sa kilos ng kasalukuyang ginagawa
isa- Isatabi isakatawan isakwento isapelikula isabuhay isadula	May kahulugan ilagay sa kalagayan nasa salitang-ugat ang paksa	nang- nanghilam-os nangadye nanglimpyo nanglaba nanghimasa nanghugas	Nagsasaad ng kilos na akmang ginagawa
Maki Makibigay makisuyo makilagay makihulog makihulog makisala	Nagsasaad ng pakiusap upang sumama sa ibang tao sa pagganap sa kilos ng pandiwa	Mag Maghulat magtuon magsulat magpasilong maghimo magmugna	Ito ay laging inilagay sa unahan ng salitang-ugat. Ginagamit din sa pokus na tagaganap at nagsasad ng kilos. Ito'y likas sa pandiwang palipat

*Bacalla, Wikang Tagalog at wikang Sebuwano: Morpo-analisis na pag-aaral*

makibukas			
mang-(mam-, man-)	May kahulugang maraming pagganap, kasing kahulugan at katulad ng mga- sa pokus	Maka Makalupad makatugpa makadungog makakita makalukso makatumba makabarug makalanggy	Nagsasaad ng kakayahan sa pagkilos
mambato manghimok mambutas manghabol manghalik manahi manibak mambola			
magka-	Nagsasaad ng pagkakaroon ng isang bagay	maka- Makasapi Makauyab Makabana Makayuta Makasakyanan Makabalay Makalimot Makaamgo	Nagsasaad ng pagkakaroon ng isang bagay
magkalapi magkalupa magkabahay magkaroon magkaganito magkadyip magkacondo magkaanak			
maka-	Nagsasaad ng kakayahang gawin ang kilos na nasa salitang ugat	Maga- Magahatod magahigda magahilak magapamatuod magalutos magapamat magapamati	Nagsasaad ng kakayahang gawin ang kilos na nasa salitang ugat
makabasa makalaro makaguhit makalihok makagamot makabigay			
magsi-	Nasa anyong maramihan at nasa pokus tagaganap	makig- makig-istorya makig-uban makighinabi makigsayaw makigsuroy makigduwa makighilawas makigsumbagay makigminyo makighimamat makiglumba	Nagsasaad ng kilos na ginanap na may kasama
magsilaro magsisulat magsilaba magsitulong magsiluto			
mag-an/-han	Nagsasaad ito ng tambingang kilos ng sabayan	mag-in ay Magpinatiray magkinulatahay magnilibakay magsinabtanay magtinabangay magbinatiay magkinusiay magbinugnuay	Nagsasaad ito ng tambingang kilos ng sabayan
maghiyawan magtakbuhan magmurahan magsuyuan magkainan magsubuan magtulungan magbuhatan			
papag-in/hin	Nagsasaad na pagagan o utusan ang tumutukoy sa paksa na gawin ang kilos na isinasaad ng salitang ugat.	Pag Paghubit pagsugyot paghukom pag-uyon pagsalmut	Nagsasaad ng pagsasagawa ng kilos
Papaglakbayin papagsulatin papaggupitin papagbasahin papagwalisin			
		A	Ginagamit ang panlaping ito sa pagbago mula pang-uri tungo sa pandiwa na nagsasaad ng pag-uutos.
		Sagpa-sampal-sagpaa-sampalin mo Sumbag-suntok-sambaga-suntukin mo	